
PAGPAPAKAHULUGAN SA MGA ISINULAT NG MGA PROPETA
Aralin 8 para sa ika-21 ng Nobyembre, 2026

"At magmula kay Moises at sa mga propeta, ay ipinaaninaw niya sa kanila ang mga bagay tungkol sa kaniya sa lahat ng mga kasulatan"

(Lucas 24:27)



Sa daan patungo sa Emaus, nagbigay ng pag-aaral ng Biblia si Jesus sa dalawa nyang mga alagad. Hindi natin alam ang buong nilalaman nun, ngunit alam natin ang ginamit Nyang paraan upang ibigay ang makapang-yarihang pag-aaral na nagpaalab ng mga puso nila.

Ano ang pinakamabuting paraan ng pag-aaral sa Kasulatan at pagbabahagi ng mga mensahe nito?

Sa araling ito, babalikan natin ang ilang paraan ng pag-aaral ng Biblia upang matulungan tayong ibahagi ang mensahe nito ng tapat at mabisa.





- Pagpapaliwanag sa Biblia ng Biblia
- Ang konteksto sa kasaysayan
- Ang konteksto sa kultura
- Ang konteksto sa panitikan
- Hanapin ang kahulugan ng talata
- Pag-aaral ng Biblia ayon sa tema

PAGPAPALIWANAG SA BIBLIA NG BIBLIA


"Sapagka't utos at utos: utos at utos; bilin at bilin, bilin at bilin; dito'y kaunti, doo'y kaunti" (Isaias 28:10)

Ang Biblia ang pinakamabuting tagapagpaliwanag nito.



Pinaliwanag sa sarili nitong talata

- Halimbawa, ipinaliwanag ni Daniel ang kahulugan ng kanyang pangitain sa pagsabing ang mga hayop na nakita nya ay mga kaharian (Dan. 7:3, 17)




Pinaliwanag ng ibang propeta

- Ipinaliwanag ni Ezra ang kahulugan ng 70 taon sa propesiya ni Jeremias (Jer. 25:11-12; 2Cron. 36:22-23)



Ipinapaliwanag ng Bagong Tipan ang Lumang Tipan

- Ipinaliwanag ni Mateo ang kapanganakan ni Jesus bilang katugunan ng hula ni Isaias (Isa. 7:14; Mat. 1:22-23)




PAGPAPALIWANAG SA BIBLIA NG BIBLIA

Hindi lag ipinaliwanag ni Jesus ang Lumang Tipan, ngunit binigyan ito ng tunay nitong kahulugan, higit pa sa literal na kahulugan nito.



LUMANG TIPAN	NABASA MO...	BAGONG TIPAN	SINASABI KO SA INYO...
Exodo 20:13	Huwag kang papatay	Mateo 5:21-22	Huwag kang magalit o insultuhin ang sinoman
Exodo 20:14	Huwag kang mangangalunya	Mateo 5:27-28	Huwag kang titingin ng may kabastusan sa babae
Deuteronomio 24:1	Bigyan mo ang babae ng kasulatan ng paghihiwalay	Mateo 5:31-32	Maaari lang ang paghihiwalay kung may pangangalunya
Levitico 19:12	Huwag magsasalita ng hindi totoo	Mateo 5:33-34	Huwag kang sumumpa sa ano mang sitwasyon
Levitico 24:20	Mata sa mata	Mateo 5:38-39	Huwah kang gumanti ng masama sa masama
Levitico 19:18	Mahalin mo ang iyong kapwa	Mateo 5:43-44	Mahalin mo ang iyong mga kaaway



ANG KONTEKSTO SA KASAYSAYAN

"Hindi na magkakaroon mula ngayon ng sanggol na mamamatay, o ng matanda man na hindi nalubos ang kaniyang mga kaarawan; sapagka't ang bata ay mamamatay na may isang daang taong gulang, at ang makasalanan na may isang daang taon ang gulang ay susumpain." (Isaias 65:20)

Mamamatay ba ang mga bata at may mga makasalanan parin ba sa bagong lupa? (Isaias 65:17-20)

Kung ipapakahulugan sa liwanag ng hula ng Apocalipsis ng Bagong Tipan, ang hula ni Isaias ay hindi lang nakakabigla, kundi kasalungat (Apoc. 21:1-4).

Dapat nating maunawaan na ang konteksto ng kasaysayan ng Isaias ay isang bagay, at ang sa Apocalipsis ay iba naman. Nagsalita si Isaias sa hinaharap ng Israel kung tinanggap nito ang Mesias. Sa panahon ni Juan, gayunpaman, ay tinanggihan na ng Israel ang Mesias. Nagbago na ang konteksto.

Kung tinanggap lang ng Israel ang Mesias, meron sanang malaking pagbabago: ang pagtubos at pagbago sa Lupa at sangkatauhan ay unti-unti sanang nagsimula. Mabubuhay sana ang mga banal gaya ng mga puno. (Isaias 65:22), ang magiging mas maamo ang mga hayop sa banal na bayan (Isaias 65:25).

At, sa huli, mabubuhay ang mga patay at titigil na ang kamatayan (Isa. 26:19; 25:8). Tanging itong huling bahagi lang ng hula ni Isaias ang matutupad ng literal, dahil hindi ito nakabase sa desisyon ng Israel.



ANG KONTEKSTO SA KULTURA

"Binabati kayo ng lahat ng mga kapatid. Kayo'y mangagbatian ng halik na banal." (1 Corinto 16:20)

Sa imperio ng Roma, gaya ng maraming lugar ngayon, karaniwan lang ang pagbati sa pamamagitan ng halik sa pisngi. Sa ganung konteksto ng kultura, ang payo ni Pablo ay marangal (1 Cor. 16:20).





Gayunpaman, sa kultura ng mga Hapon – halimbawa – iniiwasan ang pagdidikit ng katawan sa publiko, kaya ito ay nakakabigla, nakakabalisa o mahirap sa maraming tao.



Batian ng Anglo-Saxon



Batian ng mga Thai



Batian ng Tibetan



Batian sa New Zealand


Ayon dito, sa konteksto ng kultura, ang pagsunod sa payo ni Pablo ay magdadala ng pagtanggi sa mga tao, dapat nating pag-isipan ang kanyang payo sa pagsaalang-alang ng konteksto nito.



Kung nasa Japan man tayo, o saanman sa mundo, batiin natin ang isa't-isa ng tamang pagbati ng kultura, upang maipakita ang ating pag-ibig sa kapatiran.

ANG KONTEKSTO SA PANITIKAN

«At sa kaniya'y sinabi, Kung ikaw ang Anak ng Dios, ay magpatihulog ka: sapagka't nasusulat, Siya'y magbibilin sa kaniyang mga anghel tungkol sa iyo: at, Aalalayan ka ng kanilang mga kamay, Baka matisod ka ng iyong paa sa isang bato.' "» (Mateo 4:6)



May sikat na kasabihang "ang talatang walang konteksto ay isang haka-haka." Sa ibang salita, ang paggamit ng talata na nag-iisa ay maaaring magdala sa sariling paliwanag na ayon sa sarili nating panlasa at karaniwang malayo sa tamang katuruan ng Biblia.

Ano ang konteksto ng isang talata sa Biblia?



Ang agarang konteksto ay binubuo ng mga talata sa unahan at likod ng isang talata. Ang mas malawak na konteksto ay ang kabanatang kinapapalooban ng talata. Mapapalawak pa natin ang konteksto nito sa pagsasaalang-alang sa buong aklat kung saan ito makikita.




Ang Awit 91:11-12 ay nagsasalita tungkol sa pag-iingat ng Dios mula sa mga panganib. Kung gamitin ito na wala sa konteksto, sinubukan ni Satanas na ilagay ni Jesus ang sarili sa panganib sa paggamit ng talata bilang haka-haka (Mateo 4:6).


Upang mapanatili ang mga maling aral o hindi Kristiyanong gawi, may ilang kumakapit sa mga bahagi ng Kasulatan na hiwalay sa konteksto — ang ilan ay sisipi ng mga talata o bahagi ng talang hiwalay sa konteksto, upang patunayan ang kanilang pananaw, bagaman ang natitirang bahagi nito ay nagpapakita na ang kahulugan ay lubos na kabaligtaran. Sa pamamagitan ng katusuhan na tulad ng ahas, ipinagtatanggol nila ang kanilang sarili gamit ang mga hiwa-hiwalay na pahayag na binigyang-kahulugan ayon sa kanilang makamundong hangarin. Sa ganitong paraan, marami ang sadyang binabaluktot ang salita ng Diyos. May iba naman, na may masiglang imahinasyon, na kumakapit sa mga talinghaga at mga tanda ng Banal na Kasulatan, at binibigyang-kahulugan ang mga ito ayon sa kanilang sariling kagustuhan, nang hindi gaanong isinasaalang-alang ang patotoo ng Kasulatan bilang sarili nitong tagapagpaliwanag; at pagkatapos ay inilalahad nila ang kanilang mga maling akala na parang ito ang mga aral ng Bibliya.”

EGW (The Great Controversy, p. 521)

HANAPIN ANG KAHULUGAN NG TALATA



"At sinabi niya sa kaniya, Ano ang nasusulat sa kautusan? ano ang nababasa mo?"
(Lucas 10:26)



Dapat maunawaan ng lahat na Kristyano ang Biblia para sa kanilang sarili. Ang Biblia tama lang ang linaw upang maunawaan ng lahat ang daan ng kaligtasan, ngunit tamang komplikado upang patuloy na hamonin ang matatalinong kaisipan. Ang Kasulatan ay walanghanggang kayamanan ng nakaliligtas na kaalaman na hindi lubusang nauubos.

Ngunit bawat tamang paliwanag ng talata sa Biblia ay dapat sumunod sa natatanging mga tuntunin:

- **Dapat nating maunawaan ang mga salita ng talata (kung maaari, gamitin ang orihinal na wika o iba-ibang mga salin)**
- **Igalang ang lahat ng konteksto ng talata (pangkasaysayan, pangkultura at pangpanitikan)**
- **Ihambing sa mga katulad na sulat (gaya ng Gospels), o mga siping tumutukoy sa parehong paksa**
- **Ang pinal na pakahulugan ay dapat ayon sa katuroan ng natitirang mga sulat sa Biblia.**

PAG-AARAL NG BIBLIA AYON SA TEMA

"At magmula kay Moises at sa mga propeta, ay ipinaaninaw niya sa kanila ang mga bagay tungkol sa kaniya sa lahat ng mga kasulatan." (Lucas 24:27)



Para sa isang Kristyano, ang pag-aaral ng Biblia ay hindi opsyonal. Dapat palagi tayong lumago sa kaalaman ng kalooban ng Dios, pinapahintulutan nating magabayan ang sarili ng Banal na Espiritu sa pag-aaral ng Kanyang Salita (Juan 16:13).



Dagdag pa, dapat tayong laging "handa ng pagsagot sa bawa't tao na humihingi sa inyo ng katuwiran tungkol sa pagasang nasa inyo" (1P 3:15).

Ang pag-aaral ng Biblia ayon sa tema ay maghahanda sa atin upang ipahayag ang mensahe sa iba, maging sa pagbibigay ng pag-aaral sa Biblia o pangangaral ng Salita.



Mahalaga ring panatiliin ang kapakumbabaan upang mapakinabangan ang kaalaman sa Biblia ng ibang tao kung saan tayo ay matututo.

Bagaman hindi natin alam ang buong laman, alam nating nagbigay ng pag-aaral si Jesus sa dalawang tao tungkol sa gawain Nya bilang Mesias base sa iba-ibang talata sa Biblia (Lk. 24:25-27).




“Ang ilang bahagi ng Kasulatan ay, tunay nga, na napakalinaw para hindi maunawaan; ngunit may iba na ang kahulugan ay hindi makikita sa ibabaw, para makita sa isang sulyap. Ang Kasulatan ay dapat ihambing sa kasulatan; dapat may maingat na pananaliksik at matiyagang pagninilay. At ang gayong pag-aaral ay lubos na gagantimpalaan. Kung paanong ang minero ay nakakatuklas ng mga ugat ng mahalagang metal na nakatago sa ilalim ng lupa, gayundin siyang matiyagang nagsasaliksik sa Salita ng Diyos na parang nakatagong kayamanan, ay makakatagpo ng mga katotohanang may pinakamalaking halaga, na nakatago mula sa paningin ng pabaya na naghahanap.”

EGW (Our High Calling, July 18)

APENDIKS: PAGPAPALIWANAG SA MGA TEKSTO NI ELLEN G. WHITE

Sa pag-aaral ng mga sinulat ni Ellen G. White, dapat tayong sumunod sa mga tuntunin sa pag-aaral ng mga talata sa Biblia.




Ang mga pangungusap gaya ng "Ang perang ginastos sa mga bisikleta, kasuotan, at iba pang mga bagay na hindi naman kailangan ay dapat panagutan." (TM 398), ay dapat unawain sa konteksto ng kasaysayan (ang halaga ng bike noong 1890 ay katumbas ng ilang buwang sahod).



Ang pag-gamit ng mga talata hiniwalay sa konteksto ng panitikan ay parang nagsasabi si Ellen ng hindi nya gustong sabihin, o depensahan ang isang punto ng doktrinang salungat sa pinaniniwalaan at itinuturo nya.

Bago maabot ang pasya, dapat nating pag-aralan ang lahat na itinuro nya sa natatanging paksa, at hindi lang umasa sa iilang sipi.

Sa kabilang banda, dapat nating tanungin ang sarili: Sinulat ba talaga nya ang sinasabi sa akin? Laging siguruhing ang sipi ay tunay at tumpak (gamitin ang opisyal na website https://egwwritings.org/).



EGW WRITINGS®
WHITEESTATE.ORG | ELLENWHITE.ORG